Ang sinumang nagpawi buhat sa isang mananampalataya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Mundo, magpapawi si Allāh buhat sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Araw ng Pagbangon

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpawi buhat sa isang mananampalataya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Mundo, magpapawi si Allāh buhat sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nagigipit, magpapaginhawa si Allāh sa kanya sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang sinumang nagtakip sa isang Muslim, magtatakip sa kanya si Allāh sa Mundo at Kabilang-buhay. Si Allāh ay nasa pagtulong sa tao hanggat ang tao ay naging nasa pagtulong sa kapwa niya. Ang sinumang tumahak sa isang daan habang naghahanap dahil doon ng isang kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya dahil doon sa isang daan patungo sa Paraiso. Walang nagtitipong mga tao sa isang bahay kabilang sa mga bahay ni Allāh, na bumibigkas ng Aklat ni Allāh at nag-aaralan nito sa gitna nila, malibang bababa sa kanila ang kapanatagan, babalot sa kanila ang awa, magpapaligid sa kanila ang mga anghel, at babanggit sa kanila si Allāh sa sinumang nasa piling Niya. Ang sinumang nagpabagal sa kanya ang gawa niya, hindi magpapabilis sa kanya ang kaangkanan niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang ganti sa Muslim sa ganang kay Allāh ay kabilang sa uri ng ginagawa ng Muslim sa mga Muslim. Kaya ang sinumang nagpawi, nagtaboy, nag-alis, at humawi buhat sa isang mananampalataya ng isang pighati at kasawian mula sa mga pighati sa Mundo, makikipaggantihan sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng pagpawi buhat sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nagigipit, nagpadali rito, at nag-alis ng kagipitan nito, magpapaginhawa si Allāh sa kanya sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang sinumang nagtakip sa isang Muslim, na para bang nakabatid siya mula rito ng hindi nararapat sa kanya ang paglantad niyon gaya ng mga pagkakamali at mga pagkatisod, magtatakip sa kanya si Allāh sa Mundo at Kabilang-buhay. Si Allāh ay magiging tagatulong sa lingkod Niya hanggat ang lingkod ay tagatahak sa pagtulong sa kapwa niya sa mga kapakanan nitong panrelihiyon at pangmundo. Ang pagtulong ay sa pamamagitan ng panalangin, paggawa, salapi, at iba pa roon. Ang sinumang naglakad patungo sa pagkamit ng kaalamang pangkapahayagan, habang nagpapakay rito ng kaluguran ng mukha ni Allāh (napakataas Siya), magpapadali si Allāh para sa kanya dahil doon sa isang daan patungo sa

Paraiso. Walang nagtitipong mga tao sa isang bahay kabilang sa mga bahay ni Allāh, na bumibigkas ng Aklat ni Allāh at nag-aaralan nito sa gitna nila, malibang bababa sa kanila ang kapanatagan at ang kahinahunan, babalot sa kanila at pupuspos sa kanila ang awa ni Allāh, magpapaligid sa kanila ang mga anghel, at magpapapuri sa kanila si Allāh sa mga inilapit sa piling Niya. Nakasapat bilang karangalan ang pagbanggit ni Allāh sa tao sa konsehong pinakamataas. Ang sinumang ang gawa niya ay naging kulang, hindi siya makaaabot nito sa antas ng mga may mga ginawa. Kaya nararapat na hindi siya umaasa sa kamaharlikaan ng kaangkanan at kalamangan ng mga magulang samantalang nagkukulang siya sa gawain.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4801